



Ang Bagong Pag-asa ng Buhay!

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 10:34a, 37-43)

Gawa ng Diyos

³⁴NOONG mga araw na iyon: Nagsalita si Pedro, ^{37c}Alam ninyo ang nangyari sa buong Judea na nagsimula sa Galilea nang mangaral si Juan tungkol sa binyag. Ang sinasabi ko’y tungkol kay Hesus na taga-Nazaret. ³⁸Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang.

Gawa ni Hesus

Sapagkat sumasakanya ang Diyos, saan man siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo. ³⁹Saksi kami sa lahat ng ginawa niya sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem. Gayunman, siya’y ipinako nila sa krus. ⁴⁰Ngunit muli siyang binuhay ng Diyos sa ikatlong araw. Napakita siya, ⁴¹hindi sa lahat ng tao kundi sa amin lamang na noon pang una’y pinili na ng Diyos bilang mga saksi. Kami ang nakasama niyang kumain at uminom



pagkatapos na siya’y muling mabuhay.

Ang Atas

⁴²Inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at mga patay. ⁴³Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na bawat mananalig sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang pangalan.”

Tema: **Ang Muling Pagkabuhay ni Hesus**

PAGPAPALIWANAG

- Ito ay isa sa mga pangangaral ni Pedro pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Hesus
- Tinatawag itong *kerygma*.

- Ang pakahulugan ng salitang Griyego na ito ay pahayag o pangangaral.
- Ang mga nilalaman ng pangangaral ay ang nangyari kay Kristo (ang pagpapakasakit, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus)
- Kaiba ito sa mga sermon at homiliya na nagpapaliwanang ng mga Pagbasa.
- Sa b. 37, ipinakita ang mga pangyayari pagkatapos nagtuturo si Juan tungkol sa bautismo:
 - Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang.
 - Pagkatapos siyang bautismohan, si Hesus ay gumawa ng mga mabuting gawain:
 - Ipinagaling niya ang mga ay sakit at mga nalulong (pinaalis ang mga demonyo);
 - Nagagawa niya ang mga iyon dahil “Ang Diyos ay kasama niya.”
 - Tugma lang sa kanyang bautismo. Saksi.
- Ipinapatotoo ng b. 39 na ang mga apostoles ay ang mga saksi sa Galilea (lugar ng mga Judio) at Jerusalem.
- Namalas nila ang kanyang pamumuhay at mga gawain sa Galilea at pagpapakasakit, kamatayan at muling pagkabuhay sa Jerusalem, at ang kanyang mga pagpapakita sa kanila.
- Mga saksi ang mga apostoles sa pagkakataong nagpakita sa kanila si Hesus, at kumain at uminom kasama nila pagkatapos ng muli Siyang mabuhay (b. 41).
- Sa b. 42, inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpapatotoo na Siya ang hinirang ng Diyos na “maging Hukom ng mga buhay at mga patay (b. 43).” Sa kanya, magiging saksi ang lahat na propeta upang ang lahat na maniniwala sa kanya ay papatawarin ng kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang pangalan.
- Inatasan ng muling nabuhay na Kristo ang

- mga apostoles na mangaral at magpapatotoo.
- Ang atas ay nagnangahulugan ng pagbibigay ng kapangyarihan:
 - na ibahagi ang kanyang mga pagpapakasakit, kamatayan at muling pagkabuhay.
 - at ipapatunay ang kapangyarihan bilang hukom ng mga buhay at mga patay.
- Ang pag-aatas na ito ay may kinalaman sa kaganapan sa hinaharap (kinabukasan).

PAGNINILAY

Naglalaman ang Unang Pagbasa ng *Kerygma* (Ang mga mahalagang pangyayari sa buhay ng Kristo: ang pagpapakasakit, kamatayan at muling pagkabuhay)

Ang dalawang mahalagang punto para sa isang Kristiyano ay ang pagbabahagi ng buhay ni Hesus at ang pagpapatotoo nito. Sa mata ng pananampalataya, tayong lahat ay mga saksi na dapat makikilala ng mundo.

SALMONG TUGUNAN (Slm 117)

**ARAW NGAYON NG MAYKAPAL,
MAGALAK TAYO’T MAGDIWANG.**

IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 5:6b-8)

“Hindi ba ninyo alam ang kasabihang “Napaaalsa ng kaunting lebadura ang buong masa”? ⁷Alisin ninyo ang lumang lebadura, ang kasalanan, upang kayo’y maging malinis. Sa gayon, matutulad kayo sa isang bagong masa na walang lebadura—at ganyan nga kayo. Sapagkat naihandog na ang ating Korderong Pampaskuwa—si Kristo. ⁸Kaya’t ipagdiwang natin ang Paskuwa, ngunit hindi sa pamamagitan ng tinapay na may lumang lebadura ng kasamaan at kahalayan, kundi sa pamamagitan ng tinapay na walang lebadura, sagisag ng kalinisan at katapatan.

Tema: **Pagdiriwang ng Paskuwa**

PAGPAPALIWANAG

- Nagpapatunay ang Pagbasa na muli tayong

bigyan ng buhay sa ngalan ni Kristo.

- Ang lebadura, kahit sa lumang tipan ay nangangahulugan ng kasalanan. Ang lebadura ay isang elemento o pwersa na hindi sangkap ng masa ng trigo. Ang pag-aalsa ang idinudulot nito sa masa, kahit ito ay hindi trigo. Kaya palaging may epekto ito sa masa. Ganyan ang kanilang pagtingin sa kasalanan ng tao—palaging may masamang dulot sa buhay natin.
- Kaya sa pamamagitan ng alay ni Kristo, ang bagong paskuwa, tayo ay nagkaroon ng bagong buhay, walang lebadura, “sagisag ng kalinisan at katapatan (b.8).”

PAGNINILAY

Tayo ba ay lebadurang nagdudulot ng kabutihan sa kapwa? O lebadurang kasamaan ang epekto sa ating mga kapatid.

Tinapay na walang lebadura ay nangangahulugan na lantay at hindi matagal masira. Isang pagkaing madadala sa mahabang paglalakbay. Sa ating bagong buhay, ang buhay ni Kristo ang nag-alay nito: malinis at matapat.

MABUTING BALITA (Jn 20:1-9)

¹MADILIM-DILIM pa nang araw ng Linggo, naparoon na si Maria Magdalena sa libingan. Naratnan niyang naalis na ang batong panakip sa pinto ng libingan. Dahil dito, ²patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa alagad na mahal ni Hesus, at sinabi sa kanila, “Kinuha sa libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung saan dinala!” ³Kaya’t si Pedro at ang nasabing alagad ay nagpunta sa libingan. ⁴Kapwa sila tumakbo ngunit si Pedro’y naunahan ng kasamang alagad. ⁵Yumuko ito at sumilip sa loob. Nakita niyang nakalagay ang mga kayong lino, ngunit hindi siya pumasok. ⁶Kasunod niyang dumating si

Simon Pedro at tuloy-tuloy itong pumasok sa libingan. Nakita niya ang mga kayong lino, at ⁷ang panyong ibinalot sa ulo. Hindi ito kasama ng mga kayong lino, kundi hiwalay na nakatiklop sa isang tabi. ⁸Pumasok din ang alagad na naunang dumating; **nakita niya ito at siya’y naniwala.** ⁹Hindi pa nila nauunawaan ang nasasaad sa Kasulatan, na kailangang muling mabuhay si Hesus.

Tema: *Ang Muling Pagkabuhay ni Hesus*

PAGPAPALIWANAG

- Ipinakilalala sa b. 1 ang isang tauhan: Maria Magdalena.
Bakit siya pumunta sa libingan?
Siya ang pinakaunang pumunta sa libingan at nakakita na naalis ang batong panakip.
- Sa b. 2, tumakbo siya at ibinalita ang nangyari kay Pedro at sa alagad na mahal ni Hesus.
Ano ang report niya: “Kinuha sa libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung saan dinala!”
Hindi niya naiisip ang kaganapan ng muling pagkabuhay.
- Bb 3-5. Tumakbo rin si Pedro at ang alagad na minahal ni Hesus patungong libingan. Ang alagad ay mas mabilis pa kay Pedro kaya nauna itong dumating, nakita ang lino at hindi siya pumasok.
- Sa bb. 6-7, dumating si Pedro, tumuloy sa libingan, nakita ang lino at at ang panyong ibinalot sa ulo, pati na rin ang mga kayong lino na nakatiklop sa tabi. Mapansin ang mga pagkilos na nangyayari. Kapansin-pansin din ang mga linong nakatiklop na sa tabi. May pahiwatig ng pagsisiayos (gawain ng kababaihan?).
- Sa b. 8, makikita ang nangyari sa alagad: nakakita at naniwala.
- Sa b. 9, ang nagsulat ay nagsasabing katulad

ni Maria Magdalena, ang dalawa ay hindi lubusang nakaintindi kung ano ang pakahulugan ng Muling Pagkabuhay ni Hesus.

PAGNINILAY

Nalaman natin ang kaganapan ng Muling Pagkabuhay dahil sa isang babaeng nais dumalaw sa libingan, marahil, upang sariwain ang kanyang pakikipag-ugnayan kay Hesus.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa *kerygma* lalo na ang Muling Pagkabuhay ni Hesus.

Ang Ikalawang Pagbasa ay nagsasabi kung ano ang pakahulugan ng muling Pagkabuhay sa pamamagitan ng Alay sa Paskuwa at tinapay na walang lebadura.

Ang Magandang Balita ay tungkol sa Muling Pagkabuhay ni Hesus sa pamamagitan ng Libingang walang laman.

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.


Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

STPAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130



ROMAN MISSAL
NA ENGLISH AT
FILIPINO



BAGO...BAGO...BAGO...

III. SALAMIN NG BUHAY

Sumasaid na ang kahirapan ng buhay?

Mga paliga at sports clinic ngayong tag-araw.

Piknik sa Linggo ng Muling Pagkabuhay at mga camping sa mga beaches.

(Pangwakas na Panalangin)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamat dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.

Luwalhati...

(mula sa Prayers of the Pauline Family)